

Good Friday 2018

"by your holy cross you have redeemed the world"

Mga minamahal naming kapatid kay Kristo, narinig na ba ninyo ang hinanaing na ito, "*pasan pasan ko ang daigdig.*" Ang ibig sabihin nito ay mayroon mabigat na nararanasan sa buhay. Mayroon nakaatang na labis na mahirap na tungkulin o pananagutan na dinadala o nakapasan sa balikat. Ito po ba ay nangyayari sa inyo? Ito po ba ay inyong nararanasan?

Ipinapasan kay Jesus ang krus. At pinasan ni Jesus ang kasalanan ng daigdig. Inako Niya ang ating kaparusahan, ang ating rin kamatayan.

Dumating si Jesus sa lupa na dala-dala ang mabigat na tungkulin mula sa Diyos Ama. Nagkatawang-tao Siya upang tuparin ang kagustuhan ng Diyos Ama na tubusin ang tao mula sa pagka-alipin ni Satanas. At matutupad na lamang ito sa Kanyang pagtanggap, pagpasan ng krus at sa pagkapako rito. Kaya masasabi natin na talagang "*pasan pasan ni Jesus ang daigdig.*"

Doon sa krus nangyari ang lahat at nasunod ang kagustuhan ng Diyos Ama. Kaya naman sinambit ni Jesus ang ika-anim na wika "*consumatum est*" (John 19,30) na ang ibig sabihin **naganap na**. Opo, naganap nga mga kapatid ko ngayon Biyernes Santo. At ito ngayon ang atin ginugunita ngayon. Ano po ito mga kapatid? Tatlong bagay tungkol sa **naganap na** o sa madaling salita ang **nagawa**.

Mayroon ginawa ang Diyos
Mayroon ipinagagawa sa iyo ang Diyos
At magagawa mo ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos

Una. Mayroon ginawa ang Diyos. Sa pagkakasala ng tao hindi Niya hinayaan manatili sa pagkakasala ang tao. Kahit na pinaalis ng Panginoong Diyos ang ating mga unang magulang sa paraiso nangako pa rin Siya na magpapadala Siya ng Tagapagligtas. Sa Panginoong Diyos mayroon pa rin pag-asa ng kaligtasan. Mula sa Kanya mayroon pa rin pagtulong. May gagawin pa rin ang Panginoong Diyos upang sila ay maligtas.

Mga kapatid, ang ating Panginoon Diyos ay hindi natutulog. Hindi Siya malayo. Ang ating Panginoong Diyos ay hindi nagpapabaya. Hinding hindi rin Siya nang-iiwan. Gumawa Siya ng paraan. At ibinigay Niya sa atin ang Kanyang bugtong na anak na si Jesus.

At dito sa lupa si Jesus ay gumawa. Siya ay nangaral, nagpagaling at gumawa ng mga kababalaghan. Siya ay naglingkod at hindi pinaglingkuran. Siya pa ang nagbigay, ang naghandog. Si Jesus ay nagmahal, nagpatawad. Talagang masasabi natin pasan pasan Niya ang daigdig. Si Jesus ay tunay na may ginawa. Sa katuparan ng Kanyang pagliligtas, tinanggap ni Jesus ang krus, pinasan ito at napapako sa krus. Sa krus ginawa ni Jesus ang gawain ng pagliligtas sa tao.

Mga kapatid, ang lahat ay gagawin ng Panginoong Diyos upang tayo ay maligtas. Lahat ay ibinigay ng Panginoong Diyos matiyak lamang Niya ang ating kaligtasan.

Manalig ka lamang sa Kanya, at magtiwala. Sumunod ka lang sa Kanya, at tuparin ang Kanyang mga utos. At tayong lahat ay maliligtas.

Isang lalaki ang nanaginip. Sa kanyang panaginip siya raw ay namatay at humarap siya sa Panginoong Diyos. Binigyan raw siya ng pagkakataon na makapagtanong sa Diyos. At tinanong niya ang Diyos kung bakit marami ang nahihirapan, mga nangangailangan at nagdurusa. "*Panginoong Diyos,*" sabi niya "*bakit marami ang naliligaw ng landas, naghihikahos at naaapi? Ano ba ang inyong ginawa?*"

At sa kanyang panaginip ang Panginoong Diyos ay sumagot. Ang tugon ng Diyos sa kanyang tanong, "*mayroon akong ginawa. Nilikha kita.*"

Mga kapatid, ito ngayon ang **pangalawa**. Mayroon ipinagagawa sa inyo ang Panginoong Diyos. May dahilan ang Panginoong Diyos kung bakit tayo ay nilikha Niya. May dahilan kung bakit nabubuhay tayo rito sa daigdig, kung bakit naririto tayo sa Bataan.

Mayroon tayong tungkulin mula sa Panginoong Diyos, na para lamang sa atin. Tamang tama sa atin, sadyang akma sa atin. At tayo lamang ang makakagawa para sa Kanya, para sa Kanyang kawan. Tayo pong lahat ay mahalaga sa Diyos. Nagtitiwala ang Diyos sa atin. Kailangan Niya tayo sa Kanyang ubasan, para sa Kanyang kawan.

Mga kapatid, kapag mayroon ipinapasan sa inyo ang Panginoong Diyos sa inyong balikat, titiyakin ng Diyos na ang inyong balikat ay matatag at matibay. Kapag mayroon iniatas ang Panginoong Diyos sa atin, sisiguraduhin ng Diyos na tayo ay malakas at malusog. Ang paanyaya palagi sa atin ng Panginoong Diyos ay "*son, today go and work in my vineyard*" (Matthew 21, 28). Ano ang sagot mo sa ipinagagawa sa iyo ng Panginoong Diyos? Huwag kang matakot. Huwag kabahan. Huwag kang mag-alinlangan sa iyong sarili. Tanggapin mo. Pasanin, kahit pa maging ***pasan ang daigdig***.

Panghuli. Magagawa natin ang ipinagagawa sa atin ng Diyos. Sa pagsasagawa ni Jesus sa balak at kalooban ng Diyos Ama, si Jesus ay nagpagod, nagpawis. Ibinigay Niya ang lahat. Pinasan Niya ang krus. Dumanak ang Kanyang dugo. Ibinuwis ang Kanyang buhay. Naganap na ang mithiin ng Diyos Ama.

Nangyari ang lahat dahil sa krus. Naganap ang lahat dahil sa pagpasan ni Jesus ng krus. Hindi ba't ito ang atin isinasagot sa istasyon ng krus na "***by your holy cross you have redeemed the world.***" Kaya naman, tayo ay napatawad. Tayo ay naligtas dahil sa krus ni Jesus.

Mga kapatid ko magagawa rin natin ang lahat dahil sa Kanyang krus. Kahit may hadlang o sagabal, kahit mahirap o mabigat, kahit matagal o kahit pasan pasan pa natin ang daigdig magagawa pa rin natin ang lahat ng ibigay, lahat ng inatang ng Diyos sa ating balikat at tayong lahat ay magtatagumpay. Bakit po? Dahil sa Kanyang krus. Malalampasan ang lahat ng pasanin at pagsubok sa buhay. Papaano po? Sundin at tuparin mo lamang ang paanyaya ni Jesus sa atin, "***deny yourself, take up your cross and follow me.***"

Magagawa natin ang lahat na ninanais ng Diyos sa atin, sa pamamagitan ng krus ni Jesus. Tandaan natin at palaging dasalin "***by your holy cross you have redeemed the world.***"

+Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECMI chair